



All About Young Children

Information for Families on Children's Early Development

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

48 buwan *hanggang* 60 buwan



PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?

Buod ng Pagkakaintindi ng Bilang

Ang mga bata ay tumutuklas at nagsisimulang magsanay ng mga kakayahan na kailangan para sa matematika bago pa man pumasok sa elementarya. Sa mga unang taon ng buhay, ang mga bata ay natututong magbilang, kumilala ng mga hugis at modelo, naghahambing ng mga sukat at mga dami, at kumikilala ng mga pagkakaipareho at kaibahan. Nakukuha ng mga bata ang mga kakayahang ito sa pamamagitan ng kanilang pagiging mausisa at naglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng mga simpleng interaksyon sa mga matatanda. Ang araw-araw na interaksyon tulad ng pagbilang ng mga daliri sa kamay at paa ng isang matanda, pagbibigay ng dalawang pirasong saging, at ang pag-aayos ng bughaw at puting medyas sa iba't-ibang tumpok ay nagdadagdag ng kakayahan ng isang bata sa matematika. Ang mga bata ay nagsisimulang makipag-usap tungkol sa mga dami ng mga bagay gamit ang mga salitang “mas marami” at “mas malaki.”

Habang sila ay lumalaki, sila ay natututong bumilang ng ilang mga numero. Lumalaki rin ang kanilang pang-unawa ng dami sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paglagay ng mga plato at mga baso sa mesa. Nalalaman nila kung paano ginagamit ng mga matatanda ang pagbibilang sa araw-araw na buhay at matututunan kung paano gamitin ng mga numero sa pamamagitan ng paggaya sa mga matatanda. Sa kabuuan ng mga unang taon, halos lahat ng mga bata ay natural na interesado sa mga numero. Mga masasayang aktibidad na may kinalaman sa mga numero ay nagpapatibay sa natural na interes ng mga bata at humihimok sa kanila na matuto pa tungkol sa mga konseptong pang-matematika.



Panimula

Ano ang natututunan ng mga batang preschool tungkol sa bilang?

Ang mga bata ay nagsisimulang magsanay ng kanilang kakayahan na kinakailangan ang aritmetika at matematika bago pa sila pumasok sa paaralang elementarya. Karamihan sa mga kasanayang ito ay nalinang sa pamamagitan ng kanilang sariling pinasimulan na paglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng simpleng interaksyon sa mga matatanda.

- Ang mga bata ay natututong magbilang sa pamamagitan ng araw araw na interaksyon tulad ng paglalagay ng mga plato sa mesa, pagbibilang ng kanilang mga daliri upang sabihin saiyong bilang kung ilang taon na sila, pagbibilang ng mansanas na kinakailangan upang magkaroon ang bawat isa.
- Karaniwang natututo ang mga bata kung paano sabihin ang 1-2-3-4-5 (minsang ay inilalagay ang mga bilang sa iba't ibang ayos) bago nila malaman na ang bawat bilang ay kumakatawan sa isang bagay. Halimbawa, maaaring mayroon silang tatlong presa at bibilangin ang mga iyon ng 1-2-3-4-5, dahil hindi nila alam na ang bawat presa ay mayroon lamang na isang bilang. Habang nagsisimula ang bata sa ganitong konsepto, makikita mo na inihahanay niya ang mga hayop at binigbigyan ang bawat isa ng dahon upang kainin. Sa huli, natututunan nila na kapag binibilang mo ang isang bagay, bawat bagay ay may isang bilang.
- Nagsisimula din na maunawaan ng mga bata ang ideya ng marami at kakaunti at pinapansin kapag ang isang tao ay maraming cookies kaysa sa kanila, ngunit hindi nila lubos nauunawaan ang dami. Kapag mayroon silang isang cookie at ang kanilang kaibigan ay may isang cookie na hinati sa dalawa, iisipin nila na ang kanilang kaibigan ay may mas maraming cookies. Ang kanilang ideya tungkol sa marami at kakaunti ay nakakatulung sa kanila na matuto upang ikumpara ang higit pang dalawang bagay. Habang nakakukuha sila ng mas maraming karanasan, maisasaayos nila ang tatlong patpat mula sa pinakamaikli hanggang sa pinakamahaba o tatalong bola mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki.
- Ang mga batang nasa edad 5 ay nakapagbibilang na hanggang dalawampu, ngunit nakakalimutan ang ilang mga bilang (hal., 1-2-3-4-5-6-7-8-9-10-13-14-16-17-19-20). Nagbibilang sila habang tumatalon, o naghihintay upang sumagot o para lamang ipakita saiyong bilang, "Kaya kong magbilang hanggang 20!"
- Nababasa nila ang ilang mga nakasulat na numero. "Tingnan ang mga numero sa gilid ng pahina. Iyan ay 6. Iyan ay 7."
- Ang may limang taong gulang ay tumitingin sa mga bagay—hanggang 4—and sasabihin saiyong bilang ang numero nang hindi binibilang. Sa pagbabasa ng aklat, maaari silang tumingin sa pahina at sabihin saiyong bilang, "Ngayon ay may 4 na pato." Sa oras ng miryenda, titingin siya sa kanyang plato at sasabihin, "Mayroon akong 4 na kraker sa aking plato."
- Sa edad na 5 taon, ang mga bata ay karaniwang nagbibilang ng hanggang 10 bagay, itinuturo sa bawat isa kapag sinasabi ang numero. Naglalagay ng 10 patatas sa bag sa tindahan ng groseri, binibilang niya ang bawat isa habang inilalagay sa bag.
- Kapag nagbabasa, sinasabi saiyong bilang ng mga bata sa ganitong edad kung ilang bagay ang mayroon sila, dahil nauunawaan nila na ang huling bilang na ginamit nila sa pagbibilang ay kabuuang bilang na mayroon sila. "Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim. Mayroon akong anim na pinecone!!" Binibilang din nila ang mga tao sa pamilya at binibilang ang dami ng napkin na kailangan upang bawat isa ay magroon ng isa.



Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?

PAGKAKAINTINDI NG BILANG

- Sasabihin din nila saiyo na kapag maraming manika ang idinagdag sa kama ng manika, magiging mas marami. Kaugnay nito, kapag binilang nila ang dami ng patpat mayroon silang 8 at ang dami sa kanilang kaibigan ay 6, sasabihin saiyo na mayroon silang mas maraming kaibigan o ang kanilang kaibigan ay may mas kakaunti kaysa sa kanila. Kapag mayroon silang limang bloke at ang kanilang kaibigan ay may lima, sasabihin nila saiyo na pareho din silang mayroon.
- Ang mga limang taong gulang na bata ay nakagagawa ng simpleng pagdadagdag at pagbabawas. Kung mayroon silang 6 na presa, hihingi pa sila ng isa pa upang sabihin saiyo na mayroon silang 7. Kung mayroon silang 5 kraker at kinain nila ang dalawa, maaari nilang sabihin na, “Ngayon ay mayroon akong tatlo. Kapag kinain ko ang dalawa pa, mayroon na lang akong isang natitira!” Minsan kinakailangan nila na bilangin muli ang bagong grupo upang kumpirmahin kung ilan ang mayroon.
- Maaari silang mag-isip ng dalawang maliit na grupo upang gawing mas malaking grupo kapag pinagsama. “Mayroon akong 3 bangka at ikaw ay may 3 bangka. Kapag inilagay natin lahat sa tubig, magiging 6 na bangka.” Iniisip din nila na ang mas malaking grupo ay magiging maliit kapag hinati sa dalawang grupo. “May apat na cookies. Ito ay nangangahulugan na 2 saiyo at 2 para saakin.”

Mga tip para sa mga magulang upang tulungan ang kanilang mga anak na maunawaan ang bilang (46-60 minuto):

Marami mga bagay na ginagawa ng mga magulang ay likas na nakatutulong sa mga bata upang malinang ang kanilang kakayahan sa matematika at pagbilang. Maraming mga pagkakataon sa ating pang araw araw na buhay kung saan ang mga matatanda ay nagbibilang ng mga bagay at ang mga bata ay nagsasanay magbilang habang naglalaro. Narito ang ilang mga mungkahi sa mga bagay na maaaring gawin ng mga magulang:

- Basahin ng malakas, upang marinig ng mga bata ang pagkakasunod-sunod ng mga bilang at malaman kung gaano mo kadalas gamitin ang pagbibilang sa isang araw.
 - Bilangin ang mga halik na ibinigay mo sa iyong anak, bilangin ang mga puno sa labas ng iyong bahay, o bilangin ang kung ilang beses kumahol ang aso.
- Ituro ang mga bagay habang binibilang ang mga iyon upang makita ng mga bata kung paano ang bawat isang bilang na iyong sinasabi ay kumakatawan sa isang bagay.
- Ang pamimili, pagluluto at pagkain ay nagbibigay ng maraming pagkakataon para magbilang:
 - “Pwede ba tayong kumuha ng 4 na mansanas o 5? Maaari mo bang bilangin ang mga iyon saakin habang inilalagay ang mga iyon sa supot?”
 - “Kapag kumuha tayo ng 3 dilaw na mansanas at 3 pula, mayroon tayong ilan? Bilangin natin ang mga iyon.”
 - “Sa tingin ko kailangan nating kumuha ng mas malaking bag ng tortillas, dahil lahat ng ating pinsan ay dadating para maghapunan. Pwede mo bang abutin ang mas malaki para saakin?”
 - “Mayroon tayong 3 supot ng groseri. Sa tingin mo ba kakasya lahat sa kotse ang mga iyon?”
 - “Ilang supot ang gusto mong bitbitin at ilan ang dapat kong dalhin?”
 - “Pagkatapos natin hugasan ang ating kamay pwede mo bang kunin ang 5 tortillas sa supot para saakin?”
 - “Kailangan ko ng 4 na hinugasang patatas. Pwede mo bang kunin sa akin ang mga iyon at kuskusin sa lababo?”
 - Maaari mo bang kunin ang plato at ilagay sa mesa? Ilang tao ang mayroon sa ating pamilya? Maaari mo rin bang tiyakin na may sapat na upuan para sa bawat isa?”



Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?

PAGKAKAINTINDI NG BILANG

- Tanungin ang iyong anak upang ipagpalagay o hulaan kung ilang mga bagay ang mayroon at pagkatapos ay bilangan sila ng magkakasama.

Ang paghula, kahit pa mali ang hula ng mga bata, ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na mag-isip tungkol sa mga numero at magpapalaki ng kanilang interes sa pagbibilang.

- “Ilang mga bus ang dadaan bago dumating ang ating bus dito?”
- “Ilang presa sa tingin mo ang mayroon sa basket na ito?”
- Maaari mong tanungin ang iyong anak ng pagdadagdag at pagbabawas na mga tanong.
 - “Kung ikaw ay may limang cookie at kinain mo ang dalawa, ilan na lang ang natitira sayo?”
 - “Kung mayroon kang apat na pera at Binigyan kita ng isa pa, ilan na ang mayroon ka?”
 - Ang mga maliliit na larong ito ay maaaring gawin sa aktuwal na bagay upang ang makita ng iyong anak ang mga bagay. Sa oras na sila ay sanay na sa mga tanong na ito gamit ang mga bagay, maaari mong subukang tanungin nang walang mga bagay.
- Maaari mo ring hikayatin ang iyong anak na magtanong ng mga may bilang na tanong.
- Maraming magiging pagkakamali ang mga bata kapag nag-aaral sila ng tungkol sa bilang. Kahit hindi sinasabi na sila ay “mali,” maaari mong mahinahon na imungkahi na bilangin natin muli. O maaari mong sabihin na, “Binilang mo ay limang pato at apat lamang ang nakita ko.”
- Ang mga pag-uusap na ito ay nakakatuwa. Kung sa tingin mo ay pagod ang iyong anak o hindi gusto ng mga ganitong laro, maaari mong hintayin at subukan muli o subukan ang ibang laro.

Karamihan ng mga bata ay likas na interesado sa mga numero. Ang pagkakaroon ng mga aktibidad tungkol sa mga numero ay nagpapalakas ng kanilang likas na interes at humihimok sa kanilang lalo pang matuto ng tungkol sa mga numero.

allaboutyoungchildren.org